


IST PHILIPPINE LINGUISTICS CONGRESS

Trends in Philippine Linguistics
1978



PROCEEDINGS

Proceedings of the

IST PHILIPPINE LINGUISTICS CONGRESS

Trends in Philippine Linguistics
1978

Copyright Notice

The copyright of all articles published in the PLC conference proceedings remains with the authors, i.e. authors retain full ownership of their article. The views reflected by the authors in the conference proceedings do not necessarily reflect the views of the publisher, editors, and conveners.

Access to the papers uploaded is free on the condition that proper attribution is given.

Recommended entry:

[Author]. (1978). "Title of Paper". In *Proceedings of the 1st Philippine Linguistics Congress*. Quezon City: University of the Philippines Department of Linguistics. Accessed [Date] at the UP Department of Linguistics website: [link].

For more information, please refer to the Acceptable Use Policy of the University of the Philippines.

Department of Linguistics
Palma Hall
Quirino Avenue
University of the Philippines
Diliman, Quezon City 1101
Philippines

<https://linguistics.upd.edu.ph/>

linguistics.upd@up.edu.ph

ANG HISTORIKAL NA PAG-AARAL NG MGA WIKA SA PILIPINAS

CONSUELO J. PAZ

Department of Linguistics and Asian Languages
University of the Philippines

Ang gawaing kong ito'y binubuo ng dalawang parte. Sa unang parte'y ipapakita ko ang kalagayan ng mga historikal na pag-aaral ng mga wika sa Pilipinas at kung ano o sino ang nagkaimpluwensya sa mga ganitong uri ng pag-aaral. Sa ikalawang parte'y ipriprisinta ko ang proposal ko tungkol sa pagrerekonstrak ng Proto-Philippine o ng wikang masasabing pinanggalingan ng mga wika sa Pilipinas upang mai-pakita ko ang importansya ng pagpapalit ng pananaw sa historikal na pag-aaral ng mga nasabing wika.

Kapag ineksamin ang mga historikal na pag-aaral tungkol sa mga wika sa Pilipinas, mapupuna agad na kokonti ang mga ito keysa sa mga ibang klaseng linggwistik na pag-aaral, tulad ng mga pagdidis-krayb ng wika at mga tipologikal na pagtutulad ng mga wika. Kapan-sinpansin din ang malaking impluwensya ni Otto Dempwolff at Isidore Dyen sa mga historikal na pag-aaral na ito. Buhat ng mapablis ang *Vergleichende Lautlehre des Austronesischen Wortschatzes* (VL) ni Dempwolff (1934-38) hanggang sa panahong ito, halos lahat ng mga pag-aaral tungkol sa rekonstraksyon ng wikang masasabing pinanggalingan ng mga wika rito, o di kaya, ng paggugrupogrupo ng mga wikang ito, o sabsgruping, ay nagpapalaganap o nagpapalawak ng mga proposal ni Dempwolff sa gawain niyang ito. Ang mga pag-aaral man ni Dyen, na kung tutuusin ay may malaking impluwensya din sa mga historikal na pag-aaral dito ay kumuha pa rin kay Dempwolff.

Ang isang pagpapatunay sa impluwensya ng dalawang iskolar na ito'y ang pagkakaroon ng mas maraming pag-aaral tungkol sa relasyon ng mga wika rito sa mga ibang wikang kinikilalang mga myembro ng pamilyang Malayo-Polynesian o Austronesyan keysa sa mga pag-aaral tungkol sa pagtatatag ng histori ng mga wika rito o ng pagrerekonstrak ng wikang pinanggalingan ng mga ito. Dahil sa ang interes ni Dempwolff at ni Dyen ay ang mas malaking pamilya ng

Austronesyan o mas nakakatandang wika ng Proto-Austronesyan, ganoon din ang naging direksyon ng mga iskolar na sumunod sa kanila. Sa ganoon, halos laging ipinapakita ng mga pag-aaral nila ang relasyon ng mga wika rito sa mas matandang ninuno at hindi ang relasyon sa "immediate ancestor" nila.

Bukod sa nasabing impluwensya, maaaring tignan ang katotohanang kokonting Pilipino ang nagkainteres sa mga pag-aaral na historikal kaya't kokonti rin ang mga pag-aaral tungkol sa problemang lokal o mga problemang tungkol sa mga wika sa Pilipinas lamang. Isa pang rason siguro ang pangyayaring deskriptib na pag-aaral ang nauuso noong naging popular ang linggwistiks sa Pilipinas. Bago dumating ang panahong ito, nauuso naman ang historikal na pag-aaral, kaya lang iilan lang ang mga Pilipinong interesado sa pag-aaral ng mga wika na tulad ni Pardo de Tavera at Cecilio Lopez.

Ang VL ni Dempwolff ay resulta ng pagkakakompara niya ng tatlong wika: Tagalog, Toba-Batak at Java at ang kinalabasan nito'y tinawag niyang Original Indonesian (OrIn) na naitatag niya sa paraang indaktib. Itong OrIn naman ang ginamit niyang base para maitatag niya ang Original Austronesian (OrAus). Naipakita niya na ang mga tunog sa mga wika sa Polenesya at Melanesya ay tumutugon o nagkokorespond sa mga iminungkahi niyang mga tunog ng OrIn. Kung ganoon dedektib ang paraan na ginamit niya sa pagtatag ng OrAus.

Sino mang istudyanteng interesado sa mga historikal na pag-aaral ng mga wika sa Pilipinas ay makekapagsabing napakaraming pag-aaral ang nagawa ni Dyen. Halos lahat ng sinulat ni Dyen na may kaugnayan sa mga wika rito'y batay sa VL, kaya lang meron din siyang mga pagbabagong idinagdag o iminungkahi. Ang mga pagbabagong ito'y dahil sa paniniwala niya na kailangang bumuo ng bagong korespondens set tuwing may naibang tunog na lumilitaw. Dahil dito, nagmungkahi siya ng mga bagong protoponim, gaya ng iba't ibang *D, *Z, at *R. Bukod rito, gumawa rin siya ng sabgruping ng mga wika rito sa paraang lexicostatistics na sinusunod

ng mga istudyante niya¹, atbp.

Totoo na sa pag-aaral ng mga wika sa Pilipinas mahalaga na ipakita ang relasyon nila sa Proto-Austronesyan; kaya lang, kailangan natin ang mga pag-aaral na nakapokus sa mga problemang lokal o tungkol sa mga wika natin. Halos wala tayong nalalaman tungkol sa histori ng mga wika natin at, tulad ng nasabi ko na, halos lahat ng mga pag-aaral na ito'y nagpapakita ng relasyon ng wika rito sa ibang wika ng pamilyang Austronesyan. Dahil dito, kailangan magkaroon tayo ng ibang pananaw. Kailangan natin ang isang pananaw na naiiba sa dating masyadong malawak na pananaw. Dahil sa kawalan nito, hindi natin nakikita ang mga bagay na napakalapit at napakaimportante sa atin.

Maaaring sabihin na ang mga pag-aaral nina Blake at Conant noong mga unang taon ng mga Amerikano dito ay may ganitong pananaw. Kahit isang sinkronik o tipologikal na pagtutulad ang "Contributions to Comparative Philippine Grammar" ni Blake (1906), sa parteng pinamagatang "Notes on Phonology" ay inilista niya ang tinawag niyang mga orihinal na tunog, na resulta ng pagkokompara niya ng mga salitang galing sa iba't ibang wika sa Pilipinas. Sa kanyang "Contributions to Comparative Philippine Grammar II (1907), nagbigay naman siya ng mga orihinal na porma ng mga pangalan ng mga numero na resulta rin ng pagkokompara ng mga wika rito. Ang "The Pepet Law in Philippine Languages" (1912), at ang "RGH Law in Philippine Languages" (1911) ang mga pag-aaral naman ni Conant tungkol sa histori ng mga wika sa Pilipinas. Ang mga nabanggit na pag-aaral ni Blake at Conant ay may impluwensya rin sa mga gawa ng iba, kaya lang hindi katulad ng impluwensya nina Dempwolff at Dyen. Masasabi ito dahil halos walang mga napablis na pag-aaral na pinapalawak o iniaaplay ang mga iprinopos nina Blake at Conant. Ang dahilan nito'y lokal ang interes ng mga pag-aaral nila.

May ilan sa mga linggwist ng SIL na gumawa ng historikal na pag-aaral tungkol sa ilang wika rito tulad ni Newell (1953), Elkins (1957, 1963), Healey (1959), Lindquist, Forsberg at Healey

(1959), Abrams (1963) at Reid (1974). Makikita ang impluwensya ni Dempwolff at Dyen sa mga pag-aaral nila dahil sa paggamit nila ng mga rekonstraksyon ng mga ito at ng ortograpi o mga simbol ni Dyen. Si Dyen (1965, 1973, 1974) mismo'y nagpapablis ng ilang pag-aaral tungkol sa mga wika rito, lalo na ang Tagalog. Kaylan lang, si Charles (1974) at Zorc (1975) na mga istudyante ni Dyen ay sumulat ng mga disertasyon tungkol sa mga wika rito.

Si C. Lopez at T. Llamzon naman ang mababanggit na mga Pilipinong gumawa ng historikal na pag-aaral ng mga wika sa Pilipinas. Malaking kontribusyon sa larangan ng historikal na pagkokompara ng wika rito, sa palagay ko, ang mga Word List (1974, 1976) ni C. Lopez na nagbibigay ng mga set ng mga kogneyt na salita mula sa bente-tres na wika sa Pilipinas. Bukod dito, meron din siyang nirekonstrak, kasama ni Costenoble (1970), na ilang porma ng orihinal na wika batay sa gawa ni Dempwolff sa isang pag-aaral na pinamagatang "Some New Morphemes in Philippine Languages". Ang "Proto-Philippine Phonology" naman ni Llamzon (1975) ay isang magaling na halimbawa ng impluwensya ni Dempwolff at Dyen, kaya't nasabi niya na ang resulta ng pag-aaplay ng "inventory" ni Dempwolff at Dyen ay may "gaps in the structure of the Proto-Philippine phoneme". Dahil dito, ayon sa kanya, nasa gitna lamang ng mga salita ang mga ponim na $-R_4-$, $-D-$, $-Z-$, at $-z-$ sa mga wika ng Pilipinas. Maaaring isipin tuloy na ang dahilan nito'y ang pagkakatali ng analisis niya sa analisis ng wikang nasa iba at mas mataas na lebel².

Ang direksyon ng aking natalakay na'y patungo sa pagpapahiwatig ko ng pangangailangan ng mga historikal na pag-aaral tungkol sa mga wika natin. Ngayon naman ibig kong diskasin ang sarili kong pag-aaral para maipakita ko ang bisa ng ibang pananaw sa pagdiskubre ng mga problemang historikal para sa ganoon ay malutas ang mga ito. Sa pag-aaral ko ng mga wika sa Pilipinas³ nalaman ko ang kahalagahan ng pagkokompara ng mga kontemporar-yong wika⁴ para marekonstrak ang mga tunog at ilang salita ng

masasabing wikang pinanggalingan ng mga wika rito sa Pilipinas. Ang isang resulta ng gawaing kong ito'y dalawang proposal na tinawag kong vawel-konsonant asimilasyon at sabstityusyon.

Sa unang proposal ko'y trinato kong magkakapareho ang mga katangian ng mga vawel at konsonant o, sa madaling salita, na magkakapareho ang mga katangian ng mga tunog. Sa ganoon, ang mga tunog na binibigkas sa rehyon ng labial, dental at alveolar ay pinapalagay kong paharap o front; ang mga binibigkas sa parteng palatal ay sentral; at yung mga sa parteng glottal at velar ay palikod o back. Ang mga tunog naman na binibigkas na nakataas o nakaarko ang dila'y pinapalagay kung pataas o high at yung hindi naman ay pababa o low. Samakatwid kapag may tunog na lumabag sa inaasahan tugunan ng mga tunog o korespondens ng tunog, maaaring tanggapin ang asimilasyon ng isang vawel sa isang konsonant o ng isang konsonant sa isang vawel. Nakalarawan sa sumusunod na listahan ang paggugrupo ng mga tunog⁵ ayon sa mga nasabing katangian:

Paharap	i, e, E, ae, p, b, f, t, d, l, Y, r, č, ĵ, m, n, w
Sentral	ə, a, ʌ, y, d, s, z, l, L
Palikod	u, ú, ɔ, k, ɡ, ɲ, ʔ, h, ĥ
Pataas	i, e, E, ə, ʌ, u, ú, o, ɔ, t, d, ɖ, l, ɭ, r, s, z, L, Y, č, ĵ, k, ɡ, ɲ, ʔ, y
Pababa	ae, a, p, b, f, h, ĥ

Hindi ko palalawakin pa ang pagtatalakay ng prases na ito dahil sa nagawa ko na ito sa ibang papel na naprisinta ko na⁵. Ang ipapaliwanag ko na lang rito'y ang sabstityusyon, isa ring proposal sa pagpapaliwanag ng mga lumalabag sa inaasahang paglitaw ng korespondens o sa tugunan ng mga tunog ng iba't ibang wika rito.

Ang isang dahilan kung bakit nagkakaroon ng pagkakaiba sa isang wika'y ang pagkawala ng isa o higit pa ritong tunog sa mga salita, halimbawa buwan > bwan. Ang prases ng sabstityusyon ay may kaugnayan dito. Ang sabstityusyon ay ang paglitaw ng ʔ, h, o, y sa halip ng

inaasahang regular na pagtugon ng tunog na sa paniwala ko'y pawala na. Pabayaan ninyong maipaliwanag ko ito. Sa pagkokompara ko ng mga kogneyt set ng bente-nwebeng wika sa Pilipinas, napansin ko ang paglitaw ng tatlong tunog, ang *?*, *h* at *y*, na sa unang tingin, parang mga korespondens ng ilang ibang tunog. Lumilitaw ang mga ito sa mga posisyong dapat sana'y mga regular na korespondens o mga inaasahang tunog ang naroroon. Halimbawa, panakanakang lumilitaw ang *h* imbis na *b*, *g*, *l*, at *r* sa Itw, o sa Isi lumilitaw ang *h* o *y* sa halip na *l*, o lumilitaw ang *?* sa halip na *k*, *b*, *t*, *g*, *s*, at *y* sa Tag. Mahirap tanggapin na ang *?*, *h*, *o*, *y* ay mga repleks ng tatlong iba't ibang protoponim sa isang wika, bukod sa ang mga ito'y mga regular na repleks ng **?*, **h* at **y*, o sa ibang salita regular ang pagtutugon ng mga ito sa nasabing protoponim sa mga wikang ikinompara.

May ilang wikang may mga salitang pwedeng sabihin sa dalawang paraan, tulad ng sa Tag hatsín/?atsín, o sa Itw ?iyún/?ihún 'ilong', Akl hu?áb/kúy?ab 'hikab' na nagpapakita ng pagpapalit ng *h* at *?*, o kaya *y* at *?*, o *h* at *k* sa mga wikang ito. Marami rin sa mga nag-aanalays ng mga wika rito ang naniniwala na may otomatik na *?* sa unahan ng mga unang vawel ng mga salita na resulta ng "structural pressure" ng CVC. Sa tingin ko ang dalawang katunayang ito'y nagpapatibay ng teyuri ko ng substityusyon, na ang *?*, *h* at *y* ay mga tunog na ginagamit sa halip ng mga tunog na pawala na. Dahil sa pawala na ang mga inaasahang tunog kaya't nag-aalinlangan ang mga nagsasalita sa paggamit ng salitang tinutukoy. Dahil sa pag-aalinlangan na ito'y nabibigkas tuloy ang alin man sa tatlong tunog na ito. Maaari rin sigurong sabihin na ang paggamit ng *?*, *h* at *y* ay isang transisyon sa paggamit ng regular na korespondens at sa tuluyang pagkawala ng tunog, hanggang nanatili ang *?*, *h* at *y*.

Nagrupo ko ang bente-nwebeng wikang kinompara ko sa apat, batay sa alin sa tatlong tunog ang ginagamit sa mga ito:

I	<i>?</i> , <i>h</i> , <i>y</i>	Tag, Iba, Itw, Isi, Nag, Vir, Sub,
		Yak, Bag, Buk, Buh

II	ʔ, h	War, Bla
III	ʔ, y	Kap, Png, Ilk, Tbg, Kal, Bon, Igt, Kam, Tbw, Agt
IV	ʔ	Mar

Bilang halimbawa ng phenomenon na ito, tignan natin ang kogneyt set na narekonstrak kong *dámug 'hamog': Akl hámʔug, Bah dámhug, Tag, Buk hamúg, Tau dámug, Bag dāmɔw, Sub gámug, Nag, Seb yamúg, Iba yámug, Ilk ʔámug, Igt ʔamúg, Bla ʔámuʔ, Mar námog, Buh namúg. Sa Buh, Tau at Bag may regular na pagtutugon sa *d, samantala itong sa Mar at Buh ay naging n sa impluwensya ng sumusunod na m o dahil sa asimilasyon. Ang iregular na pagtutugon sa *d dahil sa substityusyon ay makikita sa mga kogneyt ng mga wika maliban sa mga wikang kababanggit lamang. Sa pamaraang substityusyon, ang *d- ay naging h sa Akl, naging y sa Nag, Seb at Iba, at naging ʔ sa Ilk, Agt at Bla. Sa Sub, ang *d ay naging ʔ na lubusang nawala dahil sa pagkabit ng g-, na isang morpim na nagmamarka ng mga nawn sa wikang ito. Isa pang halimbawa'y ang *lunḱáb 'hikab'. Sa protomorpim na ito'y, halos lahat ng wika'y may regular na pagtutugon sa *l, maliban sa Iba ʔunáb at Tbw ʔuḱáb, Kap ʔúyab, Itb ʔahwáb, na kung saan ito'y naging ʔ, at sa Vir hágab, Seb, Akl húyʔab, Nag hákay, naging h. Sa Kap ʔúyab at Akl húyʔab nagkaroon rin ng substityusyon sa nagigitnang magkasunod na konsonant. Ito naman ay naging isa o nasimplifay sa Kap. Ang napakareming halimbawa na tulad ng mga ito sa iba't ibang wikang pinagkompara ko'y sumusuporta sa haypotesis ng substityusyon, kaya't ang ʔ, h at y ay ginagamit sa mga wika sa halip ng mga inaasahang tunog o regular na korespondens na pawala na.

Naniniwala akong hindi ko mapapansin ang mga katangiang nadiskubre ko kung nabahala pa rin ako sa pagpapakita ng relasyon ng mga wika rito sa Proto-Austronesyan o sa paghahanap ng mga tunog na magtutugon sa mga Protoponim na naitatag ni Dempwolff o Dyen. Samakatwid, naniniwala akong maaasahan ang isang kasiyasiyang resulta sa pag-aaral ng mga wika sa paraang indaktib at

malulutas tuloy ang mga problemang lokal. Sa palagay ko, maaaring maging mas mabisa lamang sa iskolar na Pilipino ang pagtatag ng relasyon ng mga wika rito sa mga kamaganakang wika ng mas malaking pamilya tulad ng Austronesyan kapag naitatag na ang pansariling histori ng mga wika rito at ang relasyon ng mga kalalabasang grupo-grupo ng mga ito. Sa mga ganitong pag-aaral na rin tayo makakapagsimula ng isang tradisyong Pilipino sa linggwistiks.

Nowts:

1. Hindi ko binigyan pansin ang mga pag-aaral tungkol sa sab-gruping sa papel kong ito. Sa palagay ko dapat mauna ang mga pag-aaral tungkol sa pagkokompara ng mga katangian ng mga wika bago ang paggugrupo ng mga ito dahil sa ang resulta ng pagkokompara ng mga katangian nila ang gagamitin sa mga pag-aaral tungkol sa paggugrupo ng mga wika.
2. Hindi ko binanggit ang lahat ng nakagawa ng mga pag-aaral na may kaugnayan sa histori ng mga wika sa Pilipinas. Maaaring malaman ang adisyonal na impormasyon tungkol rito sa "A Reconstruction of Proto-Philippine Phonemes and Morphemes", ang diserterysyon ko para sa Ph.D. Maaari ring konsultahin ang bibliograpi ng papel na ito.
3. Binigyan ako ng reserts grant ng Social Sciences and Humanities Research Council para sa reserts kong pinamagatang Proto-Philippine Roots". Ang datang kinolekta para sa gawaing ito'y higit sa 2,000 kogneyt set na galing sa 35 na wika sa Pilipinas.
4. Ang mga wikang kinompara sa pag-aaral na ito'y ang: Tagalog (Tag), Kapangpangan (Kap), Iba Zambal (Iba), Panggasinan (Png), Ilukano (Ilk), Itbayaten (Itb), Itawis (Itw), Ibanag (Ibg), Isinai (Isi), Kalingga (Kal), Bontok (Bon), Ilongot (Igt), Naga (Nag), Virac (Vir), Kamaligon (Kam), Waray (War), Sebuano (Seb),

Aklanon (Akl), Buhi (Buh), Tagbanwa (Tbw), Agutaynen (Agt), Maranaw (Mar), Tausug (Tau), Subanon (Sub), Yakan (Yak), Blaan (Bla), Bagobo (Bag), Bukidnon (Buk), at Bahi Manobo (Bah).

5. Ang mga tunog na nakalista rito'y maririnig sa bente-nwebeng wikang kinompara ko.

6. Binasa ko ang nasabing papel noong nakaraang Febrero (1978) sa "Book launching" ng libro ni Dr. C. Lopez na pinamagatang "A Handbook in Comparative Austronesian". May mas malawak na pagpapaliwanag ng vawel-konsonant asimilasyon at ng sabstityusyon sa nabanggit kong nagawa ko sa 2.

- Abrams, Norman. 1963. Historical development of Bilaan vowels and some consonant reflexes in Bilaan and related dialects. *Philippine Sociological Review* 11 (1-2): 147-154.
- Anceaux, J. C. 1965. Austronesian linguistics and intrasubgroup comparison. *Lingua* 14: 309-314.
- Blake, Frank R. 1906. Contributions to comparative Philippine grammar, I. *Journal of the American Oriental Society* 28: 199-233. 27:317-96.
- _____. 1907. Contributions to comparative Philippine grammar, II. *Journal of the American Oriental Society* 28: 199-233.
- Bloomfield, Leonard. 1933/1935. *Language*. New York: Holt, Rinehart and Winston, 1933; London: Allen and Unwin, 1935.
- Brandstetter, Renward. 1893. Die Beziehung des Malagasy zum Malaischen. In *Festschrift zur Eroeffnung des neuen Luzerner Lantonsschulgebäudes* 1893. Luzern.
- _____. 1911. *Gemeinindonesisch und Urindonesisch. Monographien zur Indonesischen. Sprach forschung Serries VIII*. Luzern.
- _____. 1917. *Die Reduplikation in den Indischen, Indonesischen, und Indogermanischen Sprachen*, Luzern.
- Bynon, Theodora. 1977. *Historical linguistics*. Oxford: Alden Press.
- Capell, Arthur. 1962. Oceanic linguistics today. *Current Anthropology* 3:371-428.
- Charles, Mathew. 1974. Problems in the reconstruction of Proto-Philippine phonology and the subgrouping of the Philippine languages. *Oceanic linguistics XIII* (1-2):457-509.
- Chrétien, Douglas. 1961. A classification of twenty-one Philippine languages. *Philippine Journal of Science* 91: 485-506.
- Conant, Carlos Everett. 1904-1905. A brief comparative word-list of Yogad, Gaddang and Itawi dialects. MS.
- _____. 1908. 'F' and 'V' in Philippine languages. Bureau of Science, Division of Ethnology Publications, Vol. 5, Part 2: 135-41. Manila. Bureau of Printing.
- _____. 1911. The RGH Law in Philippine languages. *Journal of the American Oriental Society* 30:70-85.
- _____. 1912. The pepet law in Philippine languages. *Anthropos* 7:920-47.
- _____. 1915. Grammatical notes on the Isinai languages (Philippines). *Journal of the American Oriental Society* 35:289-92.
- _____. 1916. Indonesian 'l' in Philippine languages. *Journal of the American Oriental Society* 36:181-96.

- Conklin, Harold. 1951. Lexical checklist for Philippine languages. New Haven, Connecticut. Human relation Arab files (duplicated).
- _____. 1952. Outline gazeteer of native Philippine ethnic and linguistic groups. (Southeast Asia Studies) New Haven: Yale University.
- Constantino, Ernesto. 1965. The sentence patterns of twenty-six Philippine languages. *Lingua* 15:71-124.
- _____, C. J. Paz and M. Posoncuy. 1967. The personal pronouns of Tagalog, Ilukano and Kapangpangan. *Studies in Philippine Anthropology* (in honor of H. Otley Beyer), ed. by M. Zamora. 567-91.
- _____. 1970. The deep structures of the Philippine languages. *The Archive* 1(2):65-80.
- Costenoble, H. 1937. Monosyllabic roots in Philippine languages. *Philippine Magazine*. 34(2):76,82,84,86.
- _____. 1937. Tracing the original sounds in the languages of today. *Philippine Magazine* 34:24,38-39.
- _____. 1942. *Woerterbuch des Ur-Filippineschen*. MS.
- Dempwolff, Otto. 1924-25. Die L-, R-, und D- Laute in Austronesischen Sprachen. *Afrika und Uebersee*. 15:19-50; 116-138; 223-238; 273-319.
- _____. 1926. Ivatan als 'Test-Sprache' fuer Uraustronesischen L. *Zeitchrift fuer Eingeborenen-Sprachen* 16:298-302.
- _____. 1934-38. *Vergleichende Lautlehre des austronesischen Wortschatzes: Austronesisches Woerterverzeichnis. Dritter Band*. Berlin.
- Dyen, Isidore. 1947. The Malayo-Polynesian word for 'two'. *Language* 23:50-5.
- _____. 1947. The Tagalog reflexes of Malayo-Polynesian D. *Language* 23(3)227-38.
- _____. 1951. Proto-Malayo-Polynesian *Z. *Language* 27(4) 534-540.
- _____. 1953. Dempwolff's *R. *Language* 29:359-366.
- _____. 1953. The Proto-Malayo-Polynesian laryngeals. William Dwight Whitney series. Baltimore: Linguistic Society of America.
- _____. 1965. A lexicostatistical classification of the Austronesian languages. *International Journal of American Linguistics Supplement*, vol. 31, no. 1. Baltimore: Waverly Press.
- _____. 1969. Reconstruction, the comparative method, and the proto-language uniformity assumption. *Language* 45(3):499-518.
- _____. 1970. Maranao and Tagalic; qualitative confirmation of a subgrouping hypothesis. MS submitted to the *Philippine Journal of Linguistics* 1(1):1-11.

- _____. 1971. The Austronesian languages and Proto-Austronesian. Sa Sebeok, Thomas A (ed.) Current Trends in Linguistics. 8:5-54.
- _____. 1973. Tagalog reflexes of Proto-Austronesian L. Sa Parangal kay Cecilio Lopez. Philippine Journal of Linguistics. Special monographs issue 4:3-7.
- _____. 1974. The Proto-Austronesian enclitic genetive. Oceanic Linguistics XIII (1-2):17-31.
- Elkins, Richard E. 1957. Partial neutralization of PMP reflexes in Western Bukidnon Manobo. Fargo, North Dakota: University of North Dakota. SIL.
- _____. 1963. Partial loss of contrast between a and e in Western Bukidnon Manobo. Lingua 12(2):205-210.
- _____. 1974. A proto-Manobo word-list. Oceanic Linguistics XIII (1-2):509-611.
- Fox, Robert B., Willis Sibley and Fred Eggan. 1953. A preliminary glotto-chronology of Northern Luzon. Philippine Studies Program, University of Chicago. mimeo.
- Gamboa-Mendoza, V. 1940. Phonological peculiarities of Pampangan based on the original Austronesian constructed by Dempwolff. Publications of the Institute of National Language. Bulletin no. 4.
- Gardner, Fletcher. 1941. Lingualization in Austronesian languages: an unusual consonantal shift. New York: Papers of the Michigan Academy of Science, Arts and Letters. 27: 511-514.
- Grace, G. W. 1955. Subgroupings of Malayo-Polynesian: A report on tentative findings. American Anthropologist 57:337-39.
- Hall, Robert A. Jr. 1960. On realism in reconstruction. Language 36(2) 203-206.
- Haas, Mary. 1966. Historical linguistics and genetic relationship of languages. Sa Sebeok, Thomas A. (ed.) Current Trends in Linguistics. The Hague; Mouton. III:113-152.
- _____. 1969. The Prehistory of Languages. The Hague: Mouton.
- Healey, Alan. 1959. Dyen's laryngeals in some Philippine languages. SIL working papers 5:53-64.
- Hendon, Rufus S. 1964. The Proto-Malayo-polynesian word for 'ladder, staircase'. Journal of American Oriental Society 84(3):259-62.
- _____. 1964. The reconstruction of ~~h~~-ew in Proto-Malayo-polynesian. Language 40(3):372-380.
- Hockett, C. F. 1958. A Course in Modern Linguistics. New York: Macmillan.
- Hoenigswald, H. M. 1950. The principal step in comparative grammar. Language 26:357-64; reprinted in Joos 1957, 298-302.
- Katicić, R. 1970. A contribution to the General Theory of

- Comparative Linguistics. The Hague: Mouton.
- Lehmann, W. P. 1962. Historical Linguistics: An Introduction. New York: Holt, Rinehart and Winston.
- Lindquist A, V. Forsberg and A. Healey. 1959. The phonemes of Tagabili. Philippine Journal of Science 88(2):225-243.
- Llamson, Teodoro A. 1966. The sub-grouping of Philippine languages. Philippine Sociological Review 14:145-50.
- _____. 1966. Tagalog reflexes of PMP *e, Anthropological Linguistics 8:13-23.
- _____. 1969. A sub-grouping of nine Philippine languages. The Hague: Martinus Nijhoff. xi, 128.
- _____. 1975. Proto-Philippine phonology. Archipel 9. Paris.
- Lopez, Cecilio. 1939. Studies on Dempwolff's Vergleichende Lautlehre des austronesischen Wortschatzes. Publications of the Institute of National Languages, Bulletin no. 1, Manila.
- _____. 1965. Contributions to a comparative Philippine Syntax. Lingua 15:3-16.
- _____. 1970. Some new morphemes in Philippine languages. The Archive 1(1):5-32.
- _____. 1971. "Non-productive" infixes in Indonesian. The Archive II(2):43-78.
- _____. 1972. Medial nasal clusters in Indonesian. The Archive III (1 & 2):113-167.
- _____. 1974. A comparative Philippine word-list. The Archive, Special Monograph Issue no. 1.
- _____. 1976. A comparative Philippine word-list. Sequel 1 & 2. Quezon City: The Archive.
- _____. 1978. A Handbook in Comparative Austronesian. The Archive, Special Monograph Issue no. 5.
- Malumbres, Julian. 1927. Vocabulario en Espanol, Ytawes, Yogad, Gaddan, Ibanag, Ysinay. Manila: Tip. de Santo Tomas.
- Mckaughan, Howard. 1971. Minor languages of the Philippines. Sa Sebeok, Thomas (ed.). Current Trends in Linguistics, Linguistics in Oceania. The Hague: Mouton. 8:155-167.
- Medina, Isagani R. (compiler and editor). 1972. Filipiniana Materials in the National Library. Quezon City: National Library and the U.P. Press.
- Milner, G. B. 1963. Oceanic Linguistics. Sa C. Mohrmann, F. Norman, and Alfsommerfelt (eds.) Trends in Modern Linguistics, Utrecht and Antwerp; Spectrum Publishers. 62-94.
- Murdoch, George P. 1964. Genetic classification of the Austronesian languages: a key to Oceanic culture. Ethnology 3(2): 117-126.

- Newell, Leonard E. 1953. Some sound correspondences in six Philippine languages. *Asian Folklore Studies* 12:105-7.
- Noceda de, P. Juan y de San Lucar, P. Pedro. 1860. *Vocabulario de la lengua Tagala*. Manila, Imprenta de Ramirez y Giraudier.
- Pardo de Tavera, Trinidad H. 1889. Consideraciones sobre el origen del nombre de los numeros en Tagalog. *Sa La Espana Oriental*. Manila. Tipo-Litografia de Chofre y Compania.
- Phelan, John Leddy. 1955. Philippine linguistics and Spanish missionaries. *Mid America* 37:153-70.
- Pike, Kenneth. 1957. Axioms and Procedures for Reconstructions in Comparative Linguistics: ...an experimental syllabus. Santa Ana, California: SIL.
- _____. Henry Hoengswald and Charles Hockett. 1961. Proto-Binukid Dibabaon. *SIL working papers*. 5:65-76.
- Pulgram, E. 1959. Proto-Indo-European reality and reconstruction. *Language* 35:421-6.
- Reid, Lawrence. 1974. Kankanay and the problem *R and *l reflexes. *Sa Parangal kay Cecilio Lopez. Philippine Journal of Linguistics, Special Monograph Issue* 4:51-63.
- _____. 1974. The Central Cordilleran subgroup of Philippine languages. *Oceanic Linguistics* XIII (1 & 2): 511-60.
- _____. 1974. Internal and external relationships of the Mangyan languages. *Oceanic Linguistics* XIII (1 & 2): 559-600.
- Schadenberg, Alexander. 1889. Beitrage zur Kenntniss der im inner nord-luzon behenden Staerme (Mit Woerterverzeichnissen, Zeitschrift fuer Ethnologie).
- Serrano, Laktaw Pedro. 1914. *Diccionario Tagalog-Hispano*. Segunda Parte. Manila: Imp. y Lit. de Santos y Bernal.
- Stark, D. S. 1961. Proto-Binukid-Dibabaon. *SIL working papers* 5:65-76.
- Thomas, David and Alan Healy. 1962. Some Philippine language subgroupings: A lexicostatistical study. *Anthropological Linguistics* 4:21-33.
- Verstraalen, Eugene. 1962. Sound-shift in some dialects of the Philippines. *Anthropos* 57:826-56.
- Viray, Felizberto. 1939. The infixes la, li, lo and al of Philippine languages. Publication of the Institute of National language, Bulletin 3.
- _____. 1941. Prenasalization in Philippine languages. *Philippine Social Science Review* 13:199-47.
- Wolff, John. 1974. Proto-Austronesian *r and *d. *Oceanic Linguistics* XIII (1-2):77-121.
- Zorc, R. David. 1974. Towards a definite Philippine word-list The qualitative use of vocabulary in identifying and classifying languages. *Oceanic Linguistics* XIII (1-2): 409-455.

_____ : 1975. The Bisayan dialects of the Philippines:
subgrouping and reconstruction. Diserteysyon para sa Ph.D.

_____. 1977. Proto-Philippine Accent. MS.

SIKOLINGGWISTIKANG PILIPINO:
PANANAW AT TUNGUHIN

Virgilio Enriquez
Department of Psychology
University of the Philippines

Ang pagkakabanggit ng anumang kaugnayan ng sikolohiya at ng wika wika sa kontekstong Pilipino na king nakita ay ang pagkakabanggit dito ni Aguinaldo sa kanyang "inaugural address" nang pasalamtan niya ang tinawag niyang "los sicologos del verbo Tagalog". Matapos noon, napakadalang na makita ang pagkakaugnay o pagkakasama ng dalawang kataga o larangan ---- sikolohiya at wika.

Ang mga ugat ng sikolinggwistikang Pilipino sa kasaysayan ng sikolohiya sa Filipinas ay maaaring taluntunin sa pamamagitan ng pagbibigay-pansin sa pagbabalik ni Agustin Alonzo noong 1925 na kung saan, ang wika ay tiningnan niya bilang limitasyon sa larangan ng sikolohikal na pagsukat. Sa aklat ni Manuel Caron na pinamagatang Philippine Studies in Mental Measurements, iniulat niya na kapansin-pansin na noon mang panahong yaon ay hindi matanggap ng mga educational psychologists ang mga tests, psychological tests, na niyari o inihanda sa wikang Ingles at sa ibang wika at kultura para sa mga Pilipino. Subalit ang ginawa nila noon ay isang napakasimpleng solusyon lamang at ito ay sa pamamagitan ng pagpapalit ng nilalaman ng mga panukat na sikolohikal na kung saan, kung nagkataong binanggit halimbawa ang mansanas, ito ay pinapalitan ng saging. Ang wika ay naging isyu noong bandang 1928 sa pag-aaral hinggil sa pagkatao at sikolohiyang pang-edukasyon sa kamay ni Isidoro Panlasigui, dating tagapangulo ng Departamento ng Sikolohiya sa Kolehiyo ng Edukasyon noong kanyang panahon. Para sa kanya, higit na naaangkop ang paggamit ng wikang Ingles bilang isang wikang internasyonal. Gayon pa man, ang interes sa wika bilang isang paksa sa sikolohiya ay hindi naging napakaigting o napakahalaga para sa mga sikolohista. Ang pinagtatalunan ay kung anong wika ang gagamitin, at hindi ang ginagawa ay pagsuri sa kahalagahan ng wika o sa gamit ng wika sa pag-unawa sa kilos at damdamin ng tao. Noong 1930 si Sinforoso Padilla ay nanguna sa pagtulong sa sikolohiya sa larangan ng pagpapayo at pamamatnubay -- kilalang higit sa ta-

wag na guidance at counseling at dito, ang ginamit na wika rin sa pagtuturo ng teoriya ay ang wikang Ingles at ang hinanda niyang panukat ng talino ay nasusulat din sa wikang Ingles. Subalit noong bandang 1950, nagkaroon ng isang tahasang interes sa mga katutubong materyal na nasusulat sa wika o mga wikang Pilipinas sa pagsuring sikolohikal. Ang thesis ni Abraham Felipe ay tungkol sa mga maikling kuwentong Tagalog na nalathala sa mga babasahing bernakular. Ang mga pananaliksik ni Fe Abasolo Domingo ay tungkol sa pagpapalaki ng bata sa barrio Krus na Ligas. Gayon pa man, kahit na nasulat ang kanyang thesis sa wikang Ingles, ang datos ay kinuha niya sa wikang Tagalog sa pakikipanayam niya sa mga tao sa Barrio Krus na Ligas at ang teksto ng kanyang materyal ay sa wikang Filipino.

Totoong naging napakahalaga ng pagbibigay pansin sa wika sapagkat kahit na noon pa man ay nagkaroon ng ilang suliranin ang mga sikolohista kaugnay ng wika bilang materyal sa sikolohiya. Unang-una, may mga teoriyang nagbibigay halaga sa pag-unawa sa pagkatao sa panaginip ng mga indibidwal. May mga panaginip na nakolekta sa wikang Tagalog at sa wikang Ilokano subalit ito ay sinusuri sa wikang Ingles. At ang ginagamit na kategorya ng pagsusuri ay mga kategoryang bunga ng pananaliksik sa konteksto ng kultura at wikang Ingles.

Noong bandang dulo o kalagitnaan ng 1950, ang sikolohiya ng wika ay naging pormal na bahagi ng kurikulum sa Departamento ng Sikolohiya; ang bawat estudyanteng magtatapos ng A.B. sa Psychology ay nagkaroon ng kurso sa sikolohiya ng wika. Ang kursong ito ay pinamahalaan ni Dr. Alfredo Lagmay, ayon sa modelo ni Skinner sa pagtuturo ng sikolohiya ng wika. Ang textbook na ginamit ay ang Verbal Behaviour at kapansin-pansin na ang pananaw ni Chomsky kahit na nasulat na ang kanyang review ay hindi gasinong nabigyang pagpapahalaga. Sa halip, noong bandang kalagitnaan ng 1960, ang pakikipag-ugnayan at pakikipagtalakayan tungkol sa wika ng mga taga sikolohiya at pilosopiya ay naganap. Hindi masinsinan o hindi masasabing mataas ang patutunguhan o madalas ang patutunguhan ng mga linggwistika at sikolohista noong panahong 'yon kayat kapansin-pansing ang mga nalathalang artikulo ay ang mga artikulo tungkol sa pagkakahawig ng pananaw, pagtatagpo ng pananaw ni V. Geinsein at ni Skinner halimbawa sa artikulo ni Acuña ng Departamenton Pilosopiya at ang paggamit ng pananalita sa artikulo ni Tuason ng Departamento ng Pilosopiya din. Gayon pa man, naging mabunga ang modelo ni Skinner sa pagtuturo ng Sikolohiya ng wika kung bibigyang pansin ang ilan sa mga masinsinang pag-aaral na isinagawa halimbawa nina Ilan tungkol sa "verbal fluency" at ni Aquino sa kanyang thesis tungkol sa "verbal rewards". Kapansin-pansin na bagamat ang wika ay isang mahalagang paksa o elemento sa pagsusuri, higit na malaking pagpapahalaga ang ibinigay sa reinforcement o reinforcement theory: kung papaano ang wika ay nagiging

daluyan ng paggagantimpala o pagbibigay ng gantimpala upang ang isang pagkilos ay tumaas ang probabilidad. Noon ding mga panahong iyon subalit nahuli ang pangyayaring ito, ang wika sa konteksto ng pagkatuto ng tao ay nagsimulang madama sa Departamento ng Sikolohiya. Ito ay sa anyo ng pagkatutong verbal sa sikolohiyang eksperimental. Nagkaroon ng higit na maraming verbal learning studies sa experimental psychology. Ito'y maaaring tawaging pagpasok ng tao sa daigdig ng mga kalapating puti sapagkat bago ito maganap ay nauubos ang buong semestre ng estudyante sa sikolohiya sa pag-aalaga ng kalapati, pagpapataba dito, pagkakait ng pagkain upang makontrol ang kanyang pagkilos. Sa bandang dulo ng semestre ay nagsasabmit ng isang pangkalahatang indibidwal na eksperimento. Mangilan-ilan ngunit napakadalang kung sakali na magkaroon ng eksperimentong napili ng estudyante mismo; kung hindi niya pipiliin hindi mangyayari tungkol sa wika. Ngunit sa bandang dulo ng 1960 nga, marahil ay sa impluwensiya ni Underwood sa textbook niyang Experimental Psychology, higit na dumami ang pag-aaral sa larangan ng verbal learning o pagkatutong berbal.

Noong bandang 1970 at noong panahon ng aktibismo, ang paggamit ng wikang Pilipino sa pagtuturo ng sikolohiya ng wika ay naging higit na malaganap at isinagawa ng higit na maraming tao. Noong 1971 ay masasabing sumibol ang sikolinggwistika bilang larangan ng sikolohiya. Noon ginanap (?) ang unang taunang seminar sa sikolohiya ng wika sa Institute of Mass Communication dito sa Unibersidad ng Pilipinas. At kapansin-pansing ang sikolinggwistika na hindi tradisyunal na larangan ng sikolohiya bukod sa sikolohiyang panlipunan, sikolohiyang eksperimental, sikolohiyang pang-edukasyon at sikolohiyang pangklinika, ang sikolinggwistika ay naging pormal na bahagi ng programa ng pambansang kombensyon ng Psychological Association of the Philippines. Maaaring hindi ganap na tinanggap ng lahat ng kabahagi sa convention ang panibagong interes na ito sapagkat may mga tao na hindi gasinong sanay sa wikang Pilipino na hindi napalagay sa pagkakagamit ng Pilipino noong panahong 'yon sa pagtalakay ng sikolinggwistika. Sa kabilang dako, sapagkat ang wika ay totoong higit namang nauunawaan ng higit na maraming nakikinig, tumaas ang rapport (?) sa pagsasalita at pakikibahagi sa kombensyon. Ang katipunan ng mga papel sa sikolohiya ng wika ay noon nagsimulang magsilabas. Mapapansin na marami-rami pa ring mga papel dito ang nasusulat sa wikang Ingles subalit karamihan ay nasusulat sa wikang Pilipino. Gayon pa man, higit ang naging epekto o interaksion ng pagtuturo ng sikolohiya ng bilinggwalismo sa paaralang gradwado bilang bahagi ng sikolohiyang panlipunan. Ito ay sa kadahilanang higit na maraming estudyante na hindi sikolohiya ang pinag-aaralan kung di galing sa ibang larangan, ang kumukuha ng kursong ito. May mga estudyanteng nanggaling sa Surian ng Pagtuturo ng Wika o Institute of ^Language Teaching at dito

rin nagkaroon ng mga ilang estudyante mula sa linggwistika at antropolohiya.

Kung anumang pananaw o metodo ang maaaring matalakay sa prespektibo ng sikolohiya ay naibahagi o naging paksa ng pagtatalakayan sa mga kursong tulad nito, sa kurso sa sikolohiya ng bilinggwalismo. Gayon pa man, isang kasiyahang masasabi sa pananaw ng nagnanais na maging matibay ang paggamit ng pananaw at wikang Pilipino sa sikolohiya na ang unang master's thesis sa Pilipino sa larangan ng sikolinggwistika ay natapos nasulat at naipasa noong 1974. Noon din, nagkaroon ng thesis tungkol sa pagsasalin. Bagamat ang pinakatuon ng thesis ay ang pagsasalin ng mga panukat na sikolohikal, ilang mga prinsipyo kaugnay ng pagsasalin ang nasuri.

Sa panahong ito, masasabing ang sikolinggwistika ay naging medyo matatag nang bahagi ng sikolohiya sapagkat ito'y bahagi ng kurikulum sa sikolohiya at isang larangan ng pananaliksik.

Ngayon naman ay tatalakayin ko ang pananaw at oryentasyong nagpapakilos sa sikolohiya ng wika sa kontekstong Pilipino. Unang-una, ang pananaw na ang katutubong wika ay batayan ng sikolohiya o maaaring maging batayan ng sikolohiya -- isang pananaw na hindi marahil tatawaran ng iba subalit inaakalang pag-urong naman ng ilang naniniwalang hindi dapat ibatay ang sikolohiya sa katutubong wika o hindi dapat kumuha ng materyal mula dito. Kaakibat ng interes sa katutubong wika bilang batayan ng sikolohiya ang pagkilala, pagpansin, at pagpuna sa kolonyal na oryentasyon sa sikolohiya sa Pilipinas. Ang tawag ni Padre Mangulabnan ng Ateneo de Manila dito ay ang metodong angat-patong: aangatin sa Kanluran, ipapatong sa Pilipinas. Hindi na bale, kahit na ano 'yon, basta pagka mukhang pupwedeng isang bagong teoriya 'yon o isang bagong pananaw o isang bagong metodo lalo na kung kararating pa lang mula sa Amerika, iyon ang bagong natutuhan mo, pagdating dito, ipatong mo na sa sitwasyong Pilipino. Ito ay ititututing niyang isang kamalian at sa halip nga, isa sa mga metodong sinusubukang gamitin sa larangang ito ay ang metodong tinawag ni Carmen Santiagong metodong pakapa-kapa. Akala ko noong una ay nakakahiyang pag-usapan itong metodong pakapa-kapa. Pinag-aralan niya ang konsepto ng pagkalakilaki sa isang lalawigan (sa isang baryo sa lalawigan ng Bulacan) at sapagkat naniniwala siya na hindi pa niya alam kung ano nga ang konsepto ng pagkalakilaki ng mga tao doon hindi niya na kailangang magkaroon siya ng mga pangunang ideya at ng pangunang metodo bago pa magpunta roon. Kayat kakapa-kapa daw siya kung siya'y nandoroon. Napansin ko na ang ganito palang pangyayari ay hindi kakaiba sa Pilipinas. Ang totoo, sa isang pananaliksik ni Akiro Hoshino, isang Hapon na nanaliksik sa isang suburb ng Chicago tungkol sa mga komunidad ng Italyano, ang tawag niya sa kanyang metodo ay groping technique. Napansin ko na karaniwan, pagka ang tawag sa metodo ay Ingles tulad ng groping technique, mas

tinatanggap ng ilang estudyante kaysa kung ang tawag ay sa wikang Pilipino tulad ng pakapa-kepa. Para bang mababa ang uri ng metodo kung pakapa-kepa pero kung groping technique parang one of those methods na maaari nating angatin mula sa labas at ipatong dito sa atin. Ang sikolingwistikang Pilipino ay masasabing sa ngayon ay may oryentasyon at pananaw na bilang bahagi ng sikolohiya ng wika. Marahil ay para sa isang nananaliksik sa sikolohiya ng wika, ito ay isang bagay na 'ika nga ay taken for granted subalit malinaw na ito ay may mga implikasyon tungkol sa direksyon ng larangan. May komplekasyon ito tungkol sa metodo sapagkat bahagi ng sikolohiya ng wika ang mga metodong gagamitin, at malamang na magamit ay mga metodong kwantitatibo sa halip na metodong kwalitatibo lamang, ang metodong eksperimental, mga panukat na sikolohikal, mga metodong karaniwang ginagamit sa sikolohiya. At sapagkat bahagi ng sikolohiya ng wika, magkakaroon ng interaksion sa ibang mga paksa sa sikolohiya ng wika, kayat may epekto sa paksa in at sa lawak ng mga pinapaksa, gayon din sa implikasyon at sa paggamit. Sapagkat sa sikolohiya ng wika nababahagi ang sikolingwistikang Pilipino o mga pananaliksik dito sa ngayon ng karamihan, ang gamit ng resulta ng pananaliksik dito sa ngayon ng karamihan. Ang gamit ng resulta ng pananaliksik ay higit na nadarama sa mga larangang karaniwang pinupuntahan ng gamit ng sikolohiya. Sa klinika ay hindi gasino subalit sa pagtuturo ng wika na tradisyunal na aplikasyon ng linggwistika, ito ay nadarama rin.

Ang ika-apat at huling mababanggit na pananaw at oryentasyong nagpapakilos sa sikolohiya ng wika ay ang pagbuo ng mga sikolohikal na teoriyang angkop sa Pilipino at batay sa mga katutubong konsepto sa tulong ng mga wika sa Pilipinas mismo.

Ang mga katutubong konsepto ay mahirap tiyakin. Ang totoo pa nga sa isang pilosopikal na panakaw, maaaring sabihing walang konseptog katutubo sapagkat lahat ng konsepto ay unibersal. Ang tinutukoy dito ay yaong mga konseptong may higit na malinaw na kahulugan at tiyak na interpretasyon sa kultura. Dahil sa, kung titingnan ang mga konsepto at mga ideya, may mga ideyang malinaw na nanggaling sa labas at hiniram sa labas. Ngayon ang mga ideyang ito ay mahalaga at magagamit. Subalit ang isang batis o ugat ng mga konsepto na hindi gasinong nabibigyang pansin, na kaya naman kinakailangang bigyan ng pansin sa ngayon, ay ang mga konseptong nauunawaan at ginagamit sa pangkaraniwang buhay ng mga Pilipino sa kanilang pang-araw-araw na pakikipagtunguhan sa isa't-isa.

Ano ang hinaharap ng sikolingwistikang Pilipino? Ang aking napansin sa ngayon ay may posibilidad na harapin ng sikolingwistikang Pilipino ang isang panganib ng segmentasyon ng mga disiplinang sumusuri sa wika. Maaaring sa darating na panahon, lalo't higit kung ang bawat isa ay maniniwalang siya ay sikolinggwistika o etnolinggwista o sosyolinggwista ay magkaroon ng kami-kami at taya-tayo sa pagsusuri. Inaasa-

hang magkakaroon ng higit na mabuting pagtutunguhan ang iba't-ibang lapit o approaches ng mga disiplina ng sumusuri sa wika at nang sa gayon ay maging kooperasyon ang pinakatema at hindi kompetisyon. Kung sabagay, maaaring ang mangyari dito ay isang tunay na segmentasyon dala marahil ng pagkakaiba ng kasanayan sa metodo, na pagka-survey, ibigay mo sa sociolinguists, sociolinguistics 'iyo ; paka eksperiment, ibigay mo sa psychologist, psycholinguistics iyon. Palagay ko, ang paghihiwalay ng sosyolinggwistika at sikolinggwistika batay lamang sa aksidente ng metodo ay hindi kainamang paghihiwalay. Marahil ay dapat suriin ang isang paksa na magkasabay o nang gumagamit ng iba't-ibang metodo at iba't-ibang pananaw.

Ang pagtuklas ng sikolohikal na implikasyon ng mga teoriya at kaalamang linggwistikal ay isa sa mga dapat harapin ng sikolinggwistika ng Pilipino. Dito, ang tinutukoy ay ang higit na malaking patutunguhan ng mga sikolohista at linggwista. Masasabing sa sikolohiya, ay tinatanggap at kinikilala ang linggwistika. Tinatanggap at kinikilala sa maraming kaparaanan at isa na nga ay ang pagpasok ng mga pananaw at mga konseptong panglinggwistika sa pagtuturo ng sikolohiya mismo. Ang maitatagong sa grupong ito ay: Sa anong lawak o hanggang saan tinatanggap ng linggwistika ang sikolohiya? Kung papaanong ang konsepto ng morpema ay nadidinig pa rin sa mga klase sa sikolohiya. Ano kayang mga konsepto buhat sa sikolohiya naman ang magkakaroon ng anumang epekto sa linggwistika. Palagay ko, tungo sa higit na matibay at mayabong na sikolinggwistika, ang interaksyon ay dapat na magpatuloy.

Ikatlo, ang paglawak ng sakop ng sikolohiya ng wika, sa aking palagay, ay patuloy na mangyayari; halimbawa, sa larangan ng komunikasyong pangmadla. Sa pagwasto ng mga depekto sa pagpapahayag at mga paksang tulad nito, marahil ito ay ituturing ng iba na labas na sa larangan ng sikolinggwistika. Subalit dahil sa lawak na rin ng interes ng sikolohiya ang mga paksang ito ay hindi maiiwasan. Ang tanong lamang ay kung ano ang maaaring maging epekto nito sa mga core (?) studies ng psycholinguistics. Kinakailangan din, sa aking palagay, ang pagtiyak sa gamit ng sikolinggwistika sa kontekstong Pilipino. Ito ba ay isang libanang lamang ng mga interesadong tao o ito ba ay mayroong kabuluhan sa ating lipunan? Ano ang implikasyon at gamit nito sa mga patakarang mayroong tiyak na epekto sa buhay ng mga Pilipino? Sa edukasyon halimbawa, ang patakarang ng bilinggwalismo. Kapansin-pansin na higit na maraming pag-aaral ang naisagawa sa larangan ng bilinggwalismo matapos ng mga pag-aaral sa larangan ng pagkatutong berbal sa sikolinggwistika.

